

# Mga Tip para sa Plano ng Pag-iwas sa Pang-aatake

**1**

Alamin kung nasaan ang exit at kung paano tumakas kung may taong nagtangkang saktan ka.

**2**

Palaging dalhin ang cellphone mo sakaling kailanganin mong tumawag para humingi ng tulong.

**3**

Alamin kung sino ang tatawagan kapag nangangailangan ka ng tulong.

**4**

Lumayo mula sa hindi ligtas na mga lugar tulad ng madilim na mga eskinita o abandonadong lugar.

**5**

Subukang pumunta sa mga lugar kasama ng isang grupo, lalo na kung ikaw ay may pupuntahan sa gabi.

**6**

Iwasang makipag-usap sa mga estranghero.

**7**

Huwag pumasok sa isang silid o pumasok sa sasakyan nang mag-isa kasama ang mga taong hindi mo kilala.

**8**

Maglakad sa mga bangketa na nakaharap sa trapiko para alam mo ang mga sasakyang sumusunod sa iyo.

**9**

Iwasan ang paglalakad malapit sa mga lugar kung saan maaaring makapagtago ang isang tao.

**10**

Magsuot ng mga sapatos at damit kung saan madali kang makakatakbo.